# Mammography

Tagalog

Susan G. Komen®

## Ano ang mammogram?

Ang mammogram ay x-ray ng. Ang mammography ay ang pinakamahusay na uri ng pagsusuri ngayon upang maagang matagpuan ang kanser sa, habang ang pag-asang makaligtas ay napakataas pa. Natutuklasan nito ang kanser sa habang maliit pa, kahit napakaliit para maramdaman. Nakikita rin nito ang kalsipikasyon at ganun din ang di normal na pagbabago ng balat. Ang mammography ay magaling sa paghanap ng kanser sa suso sa karamihan ng kababaihan. Ngunit, mas wasto ito kapag ginagamit na kasabay ang iba pang pasusuri ng sa klinika.

## Humigit-kumulang na Laki ng Bukol na Nakikita ng Mammography

### Kasing Tulad sa mga Barya ng Amerika

Karaniwang laki ng bukol kung taon-taon nagpapa-ma-mmogram kung ihahambing sa mga nakaraang litrato.



Karaniwang laki ng bukol na nakikita sa unang mammogram.






Karaniwang laki ng bukol na sa aksidente lamang natagpuan.





# Mammography

Susan G. Komen®

## Mga Tanong at Sagot Tungkol sa Mammography

### Masakit ba ang mammogram?

Para makakuha ng malinaw na litrato, kailangang unatin ng teknologo ang suso. May mararamdaman kang bahagyang puwersa, ngunit ito ay tatagal lamang ng ilang segundo. Hindi ito dapat masakit. Sabihan sa teknologo kung nakakaramdam ka ng anumang sakit habang minamammogram.

### Nakakasama ba ang radyasyon?

Ang babae ay lantad sa konting radyasyon habang nasa mammogram. Samantalang ang pagkalantad sa radyasyon ay maaaring magdagdag ng panganib ng kanser sa suso, ang pagdagdag ng panganib ay napakaliit naman. Ang mga pag-aaral tungkol sa kahalagahan ng mammogram ay mas matimbang pa kaysa sa mga panganib nito.

### Paano ako makakukuha ng mammogram?

Tawagan ang iyong doktor para sumangguni.

### Paano kung hindi ko kayang magbayad ng mammogram?

Karamihan ng mga insurance, pati na ang Medicare, ay kasama ang halaga ng mammogram. Ngunit kung hindi ninyo kayang magbayad o wala kayong insurance, tumawag kayo sa 1-877 GO KOMEN (1-877-465-6636) para sa libre o murang halagang pagpapatingin sa inyong lugar.

## Breast self-awareness messages:

- ☐ Kausapin ang parehong partido ng pamilya para malaman ang kasaysayang pangkalusugan ng pamilya
- ☐ Kausapin ang doktor tungkol sa panganib ng kanser sa suso
- ☐ Kumunsulta sa doktor kung ano ang nararapat na klaseng pagsusuri kung ikaw ay nasa mataas ng panganib
- ☐ Magpamammogram taon-taon mula sa edad 40 kung ikaw ay nasa malamang na panganib
- ☐ Magpasuri ng suso sa klinika na hindi bababa kada 3 taon simula sa edad na 20 anyos, at kada isang taon simula sa edad ng 40 anyos
- ☐ Magpalista para mapaalalahanan kung kailan ang iyong pagsusuri sa komen.org/reminder)
- ☐ Usisain ang itsura ng suso at ramdamin at iulat ang kahit anong pagbabago sa doktor
- ☐ Magkaroon ng malusog na istilo ng pamumuhay upang mabawasan ang panganib ng kanser sa suso

**1-877 GO KOMEN (1-877-465-6636) www.komen.org**

Adapted from Mammography card, Item No. KOMEED007100, English 04/14, © 2016 Susan G. Komen® through a grant by Susan G. Komen® on 09/01/2016.